Pahayag ni **PATRICIA MAHAN**, Kandidato para sa
Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Santa Clara, Puwesto 4

Trabaho: Abugada/Negosyante **Edad:** 64

Edukasyon at Mga Kuwalipikasyon:

May rekord ng paglilingkod sa Santa Clara, kasama na ang 8 taon bilang Alkalde, magdadala ako ng karanasan, kaalaman at pamumuno sa Konseho ng Lunsod. Isa akong abugada, J.D. mula sa Unibersidad ng Santa Clara, namamahala ng aking negosyo sa pagpaplano ng ari-arian. Mayroon akong malalim na ugnayan sa Santa Clara, kaya naman nauunawaan ko ang mga suliranin ngayon sa ating lunsod. Magsusumikap ako upang manatiling ligtas ang Santa Clara, upang mabawasan ang pagsisikip ng trapiko, at upang madagdagan ang bukas na espasyo. Ang pangunahing priyoridad ng Santa Clara ay balansehin ang badyet nito at dagdagan ang mga reserba nito. Habang gumaganda ang ekonomiya, maaari tayong magplano na gumawa ng mga trabaho at palakasin ang ating mga lokal na negosyo. Dapat ay magpatuloy ang bagong paglago at dapat palawakin ang mga serbisyo ng lunsod upang matugunan ang mga bagong pangangailangan. Dapat nating pagandahin ang ating imprastraktura-tubig, kuryente, mga kalsada, parke, aklatan-upang matiyak na mananatiling magandang lugar para sa mga kasalukuyang residente at residente sa hinaharap ang Santa Clara. Ang pampublikong kaligtasan ang pangunahin naming inaalala. Titiyakin ko na magkakaroon ang Santa Clara ng may mahusay na kasanayan na pulisya, bumbero at mga tauhan sa emerhensiya na sapat ang bilang. Ang Levi's Stadium ay hindi dapat magkaroon ng negatibong epekto sa ating pangkalahatang pondo. May magandang kinabukasan ang Santa Clara, na nagmula sa natatanging nakaraan. Plano kong panatilihin ang ating pamana at, sa parehong pagkakataon, itayo ang Santa Clara na naaangkop sa ating mga residente sa hinaharap. Makikinig ako, makatarungan na pakikitunguhan ang lahat, at pagbubuklurin ang ating komunidad. www.pattymahan.com